## *INSTALLATION ORDER NG MGA AGRARIAN REFORM BENEFICIARIES NG DAVAO DEL NORTE,*

# ILABAS NA!




**Ang pursigidong kilusang masa** ng mga Agrarian Reform Beneficiaries (ARBs) sa pamamagitan ng sabayang kampuhan nito sa Deparment of Agrarian Reform (DAR) Central Office at Provincial Office sa Davao del Norte ay upang singilin ang ahensyang ito para ilabas na ang "writ of installations" at kagyat na ipatupad ito.

Sa mahabang panahon mula ng ipatupad ang R.A. 6557 o Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) hanggang sa naging CARPER ay walang tunay at sustinidong reporma sa lupa ang natupad dahil sa kuntsabahan ng DAR at mga panginoong may lupa pabor sa kanilang interes.

Iba-ibang iskema ang ginagamit ng mga panginoong may lupa upang agawin muli ang mga lupang iginawad na sa mga ARBs.

Sa Southern Mindanao Region (SMR) malawak ang lupang ginawang plantasyon ng saging ng Tagum Agricultural Development Corportation (TADECO) na pagmamayari ng pamilyang Floirendo at ng Lapanday Foods Corp. (LFC) ng pamilyang Lorenzo sa Davao del Norte.

Nasakop na ng CARP ang ilang parcela ng lupa sa Davao del Norte kung saan libo ang naging ARBs galing sa hanay ng mga mga manggagawang-bukid na empleyado ng TADECO at ilan pang magsasaka sa mismong lupa.

Dumaan sa tama at ligal na proseso ng aplikasyon ng mga ARBs sa kanilang mga "claims" na lupa. Ngunit hanggang ngayon ay hindi parin naipamahagi ang lupa kahit paman naging paborable na ang mga resoslusyon at desisyon ng mismong ahensya ng DAR , Court of Appelas (CA), Office of the President at Korte Suprema.

Dahil dito, nagkaisa ang mga benipesaryo na hindi na magpatal sa ligal na mga pamamaraan. Itiatag anf Agrarian Reform Beneficiaries One Movement (AOM) para ipaglaban ang lupa para sa mga nagbubungkal at totoong benipisyaryo nito.

Sa isinasagawang kampuhan, layunin nitong singilin ang DAR sa kagyat na paglabas ng

mga installation orders ng mga ARBs na may mga nakapending na petisyon at iyong naipanalo na sa Korte Suprema.

Ang mga panginoong may lupa at kapitalista tulad nina Floirendo at Lorenzo na umagaw ng ekta-ektaryang lupain sa Davao del Norte ay hindi basta-basta ibabalik ang lupa sa mga ARBs. Gumagamit ito ng iba't-ibang paraan para protektahan ang kanilang pangekonomiyang interes sa pamamagitan ng mga legal na mga proseso, kuntsabahan sa mga ahensya ng gobyerno kagaya ng DAR at pagbubuo ng goons, private armies at paramilitar. Naoanatili din ang kanilang kapangyarihang pampulitika at itinaguyod ang mga neoliberal na polisiya ng estado.

Kaya walang ibang solusyon para sa mga ARBs at magsasaka kundi ang makibaka at sama-samang pagkilos upang putulin ang ugat ng pyudalismo na isa sa mga batayang problema ng lipunan.

Para sa mga ARBs at magsasaka, hindi sapat na umasa lamang sa ligal na proseso dahil malinaw na ang prosesong ito ay ginagamit ng mga panginoong may lupa at ng gobyernong US-Duterte upang itaguyod ang kanilang pangsariling interes at upang maipagkait pa ng higit ang lehitemong panawagan sa lupa at karapatang pantao ng mga magsasaka.

Makiisa at suportahan ang kampuhan ng mga ARBs sa DAR- Central Office at DAR-Provincial office sa Tagum na nananwagan na ilabas na ang mga installation orders at kagyat na ipatupad ang tunay na repormang agraryo!

## BAWIIN ANG LUPA MULA SA TADECO AT LAPANDAY!

## BUWAGIN ANG MGA HACIENDA! BAKLASIN ANG MGA PLANTASYON!

# TUNAY NA REPORMA SA LUPA, IPAGLABAN!

## #LAKBAYMAGSASAKA

**SUPORTAHAN ANG LABAN NG MGA MAGSASAKA!**

AOM

AGRARIAN REFORM BENEFICIARIES ONE MOVEMENT

KMP

SOUTHERN MINDANAO REGION